Pag-unawa sa Iyong mga Pagpipilian sa Enerhiya

Bilang bahagi ng aming pangako na suportahan ang iyong pagpili sa enerhiya, ang San Diego Community Power (Community Power) at San Diego Gas & Electric® (SDG&E®) ay nakipagtulungan upang magbigay sa iyo ng paghahambing ng mga karaniwang singil ng kuryenteng pantahanan, katampatang buwanang singil at mga nilalaman ng portpolyo ng pagbuo ng kuryente.

SDGE®

Para sa kumpletong paghahambing ng singil ng SDG&E/Community Power, bisitahin ang ***sdge.com/cca*** o tumawag sa **1-800-411-7343**.

SAN DIEGO COMMUNITY POWER

Para sa impormasyon tungkol sa mga singil sa pagbuo ng kuryente ng Community Power, bisitahin ang ***SDCommunityPower.org*** o tumawag sa **1-888-382-0169**.



Oras ng Paggamit sa Tirahan: TOU-DR-1 CARE	SDG&E 41% Nababago	PowerBase 45% Nababago	PowerOn 53% Nababago + 2% Libre sa Carbon	Power100 100% Nababago
Singil sa Pagbuo ($/kWh)	$0.12898	$0.11988	$0.13000	$0.14000
PCIA ($/kWh)	$0.04771	$0.03349	$0.03349	$0.03349
Singil sa Paghahatid ng SDG&E ($/kWh)	$0.09724	$0.09722	$0.09722	$0.09722
Mga Bayarin sa Prangkisa ($/%)	$0.00293	$0.00293	$0.00293	$0.00293
Kabuuang Gastos ng Elektrisidad ($/kWh)	$0.27686	$0.25353	$0.26365	$0.27365
Katampatang Buwanang Bayarin ($)	**$91.92**	**$84.17**	**$87.53**	**$90.85**

Katampatang Buwanang Paggamit: 332 kWh Kasalukuyang mga singil simula Agosto 1, 2026

Mga singil simula Agosto 1, 2026
Inihahambing nito ang mga gastos sa kuryente para sa isang karaniwang pantahanan na customer sa lugar na sineserbisyuhan ng SDG&E/ Community Power (mga lungsod ng Chula Vista, Encinitas, Imperial Beach, La Mesa, National City at San Diego at ang mga hindi nakarehistrong lugar ng San Diego County) na may karaniwang buwanang paggamit na 332 kilowatt na oras (kWh). Ito ay batay sa isang kinatawan ng 12-buwan na kasaysayan ng pagsingil para sa lahat ng customer sa mga iskedyul ng singil ng TOU-DR-1 CARE para sa SDG&E at mga nailathala na singil ng Community Power simula Agosto 1, 2026.

Ang pinagmumulan ng kuryente ay ang pinagsamang mga mapagkukunan ng enerhiya para sa pagbuo ng kuryente. Binubuo nito ang electric power generation mix na binili o binuo ng iyong tagapagbigay at inihahatid sa iyo. Ang iyong kuryente ay maaaring isang pinagsamang renewable na enerhiya, natural na gas at iba pang pinagkukunan.

Singil sa Pagbuo ay ang halaga ng paggawa at/o pagbili ng kuryente upang mapagana ang inyong tahanan o negosyo. Nag-iiba-iba ang singil na ito batay sa inyong tagapagbigay ng enerhiya at sa mga pinagkukunan ng kanilang kuryente.

SDG&E Singil sa Paghahatid ang singil ng SDG&E upang maghatid ng kuryente sa inyong tahanan o negosyo. Maaaring mag-iba ang singil sa paghahatid ng kuryente depende sa inyong singil at paggamit ng kuryente; gayunpaman, ito ay sinisingil nang pantay-pantay sa lahat ng customer, kahit sino pa ang nagsusuplay ng kanilang kuryente. Kasama sa singil sa paghahatid ang Base Services Charge, na sumasaklaw sa mga nakapirming gastos na may kaugnayan sa grid ng enerhiya (kasama ang mga transformer, metro, at serbisyo sa customer).

Ang SDG&E PCIA & FF ay kumakatawan sa **Power Charge Indifference Adjustment (PCIA)** at **Franchise Fees (FF)**.

- Ang PCIA ay isang singil upang matiyak na ang parehong mga customer ng SDG&E at ang mga umalis sa serbisyo ng SDG&E upang bumili ng kuryente mula sa ibang mga tagapagbigay ay magbabayad para sa mga gastos na higit sa halaga ng merkado para sa mga mapagkukunan ng pagbuo ng kuryente na binili ng SDG&E para sa kanila. Ang "higit sa halaga ng merkado" ay tumutukoy sa pagkakaiba ng binabayaran ng utility para sa pagbuo ng kuryente at ng kasalukuyang presyo sa merkado para sa pagbebenta ng mga mapagkukunang iyon.
- Ang FF ay isang dagdag na bayad na inilalapat sa kuryenteng dinadala sa mga sistema ng SDG&E na itinayo sa mga pampublikong kalye at highway. Kinokolekta ng SDG&E ang dagdag na bayad mula sa mga customer at ipinapadala ito sa naaangkop na munisipalidad. Ang dagdag na bayad ay pantay na sinisingil sa lahat ng customer, kahit sino pa ang nagbibigay ng kanilang kuryente.
- Ang PCIA at ang bahaging kalakal ng SDG&E sa FF ay kasama sa singil sa pagbuo ng karaniwang pinagsamang serbisyo ng SDG&E.

Para sa kumpletong paghahambing ng singil ng SDG&E/ Community Power, bisitahin ang ***sdge.com/cca*** o tumawag sa **1-800-411-7343**.

Para sa impormasyon tungkol sa mga singil sa pagbuo ng kuryente ng Community Power, bisitahin ang ***SDCommunityPower.org*** o tumawag sa **1-888-382-0169**.

Porsiyento ng Kabuuang Tingiang Benta (kWh)

Electric Power Generation Mix*

Partikular na mga Pagbili	SDG&E	PowerBase	PowerOn	Power100
Renewable	**41%**	**45%**	**53%**	**100%**
Biomass at Biogas	1%	34%	7%	0%
Geothermal	0%	0%	0%	0%
Karapat-dapat na Hydroelektrisidad	0%	0%	0%	0%
Solar	24%	0%	34%	50%
Hangin	16%	11%	12%	50%
Malaking Hydroelektrisidad	0%	0%	2%	0%
Nukleyar	0%	0%	0%	0%
Mga Umuusbong na Teknolohiya	0%	0%	0%	0%
Iba pa	0%	0%	0%	0%
Natural na Gas	59%	0%	0%	0%
Uling at Petrolyo	0%	0%	0%	0%
Hindi Natukoy na mga Pinagmumulan ng Kuryente**	0%	55%	45%	0%
Kabuuan	**100%**	**100%**	**100%**	**100%**

*Ayon sa iniulat ng SDG&E at Community Power sa 2024 Programang Paghahayag ng Pinagmumulan ng Kuryente ng California Energy Commission.

**Ang hindi tinukoy na kuryente ay kuryenteng binili mula sa pangkalahatang pool sa bukas na merkado.

© 2026 San Diego Gas & Electric Company at San Diego Community Power. Ang mga tatak-pangkalakal ay pag-aari ng kani-kanilang mga may-ari. Lahat ng Karapatan ay Nakalaan.